
Nananawagan ng mga estudyante para sa panggabing junior high school!

名古屋市

NAGOYAKA Junior High School

# Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya

2026 Pagpasok sa Abril





## Mga puwedeng mag-enrol sa Panggabing Junior High School

Makakapasok sa paaralan ang mga lumampas na sa edad ng kompulsibong edukasyon (lampas 15) at nakakaabot sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon.

*Mga Residente ng Lungsod ng Nagoya o mga kasapi nitong munisipalidad

- Mga hindi nakapagtapos ng kompulsibong edukasyon dahil sa iba't ibang kadahilanan
- Mga banyaga na hindi nakapagtapos ng kompulsibong edukasyon sa kanilang pinagmulang bansa
- Mga hindi nakatanggap ng sapat na kompulsibong edukasyon dahil sa iba't ibang kalagayan, tulad ng pagtangging pumasok sa paaralan




## Kung nasaan ang Nagoyaka Junior High School:

**Address**

4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya
(Sa campus ng Paaralang Elementarya ng Sasashima at Junior High School, Lungsod ng Nagoya)

**Access**

3 minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Kokusai Center
10 minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Nagoya



## Detalyadong Impormasyon

Pakitingnan ang opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.

Nagoya Panggabing Paaralan

Available ang impormasyon sa iba't ibang wika

- English
- 한국어
- Español
- Tagalog
- 中文
- नेपाली
- Tiếng Việt
- Português


**Makipag-ugnayan sa amin**


Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya (Panggabing Paaralan)

**Telepono**

052-583-1511 (Lunes hanggang Biyernes 1:30 PM – 8:30 PM)

**E-Mail**

nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp



## Ganito sa Nagoyaka Junior High School:

- May limang araw na klase sa isang linggo.
- Itinuturo ang lahat ng subject ng junior high school (Japanese, araling panlipunan, matematika, agham, English, musika, sining, edukasyong pangkatawan at pangkalusugan, teknolohiya at ekonomiyang pantahanan, atbp.)
- Nagbibigay rin kami ng suporta para sa mga estudyanteng nag-aaral ng wikang hapon.
- Ang mga klase ay itinuturo ng mga lisensyadong guro.
- Sa pagtatapos, makakatanggap ka ng diploma sa junior high school.
- Libre ang tuition at libre ring ibinibigay ang mga aklat-aralin.
- Available ang mga pananghalian sa paaralan. Maaari ka ring magbaon ng sarili mong pananghalian.
- Makakapag-enroll ka kahit nagtatrabaho ka.
- Depende sa kakayahan mo sa akademya, atbp., puwede ka ring magsimula mula sa ikalawa o ikatlong baitang.

Layunin ng Nagoyaka Junior High School na maging isang paaralang nakasentro sa estudyante, kung saan iginagalang ang pagkakaiba-iba, pinahahalagahan ang bawat isa, at may ligtas at sumusuportang kapaligiran para sa pag-aaral ng lahat.



Pangkaraniwang araw ng Panggabing Junior High School

| | |
|---|---|
| 17:30–17:35 | Homeroom |
| 17:35–18:15 | Unang period (40 minuto) |
| 18:15–18:40 | Mga break at pananghalian sa paaralan |
| 18:40–19:20 | Pangalawang period (40 minuto) |
| 19:25–20:05 | Pangatlong period (40 minuto) |
| 20:10–20:50 | Pang-apat na period (40 minuto) |
| 20:50–21:00 | Homeroom |

## Proseso ng Pagpapaenrol

Sasabihin ang mga detalye sa sesyon ng impormasyon sa paaralan.

### Dumalo sa sesyon tungkol sa impormasyon ng paaralan

Lugar: Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya

- **Sesyon 1** — **Setyembre 17,** 2025 (Miy.) Magsisimula ng 5:30 PM (Reception: 5:00 PM)
- **Sesyon 2** — **Oktubre 4,** 2025 (Sab.) Magsisimula ng 2:00 PM (Reception: 1:30 PM)
- **Sesyon 3** — **Oktubre 24,** 2025 (Biy.) Magsisimula ng 5:30 PM (Reception: 5:00 PM)

Puwede ka ring mag-obserba ng klase sa ika-1 at ika-3 sesyon.

Mag-apply online

↓

### Magsumite ng form ng aplikasyon

(Magsisimula ang pagtanggap ng aplikasyon mula Setyembre 2025 patuloy)

Deadline ng pagsusumite: Hanggang Disyembre 5, 2025 (Biy.)



↓

### Indibidwal na interbyu

(Simula Oktubre 2025 pataas)

*Pagkumpirma ng mga kinakailangan sa pagpasok

↓

### Idedepende ang sa interbyu sa iyo ang desisyon kung makakapasok ka

(Ipapaalam sa iyo ang resulta ng mga Enero 2026.)

↓

### Oryentasyon sa pagpapaenrol

(Nakaiskedyul sa huling bahagi ng Pebrero 2026)

## Available din ang mga trial lesson

**Nobyembre 12** (Miy.) – **14** (Biy.), 2025

5:00 PM – 9:00 PM

Kung gusto mong sumali sa mga trial lesson, tumawag sa Nagoyaka Junior High School.

Puwedeng i-download mula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.

## Available ang impormasyon sa recruitment at form ng aplikasyon sa sumusunod na mga lugar:

- Sa bawat ward o tanggapang pansangay
- Nagoyaka Junior High School
- Bulwagan ng Edukasyon ng Lungsod ng Nagoya
- Internasyonal na Sentro ng Nagoya, atbp.